



South Coast  
AQMD

WILD  
FIRE



# PAGKATAPOS NG WILDFIRE – LIGTAS NA PAGLILINIS

## KAPAG NAGLILINIS NG ABO:



Magsuot ng mahigpit na disposable respirator (N-95 o P-100).



Magsuot ng goggles, guwantes, kamisetang may mahahabang manggas, mahabang pantalon, sapatos, at medyas upang hindi madikitan ang balat.



Bahagyang basain ng tubig at marahang walisin gamit ang walis o basang mop.



Ipunin ang abo sa isang plastik na supot at itapon sa karaniwang basurahan.



Hugasan paalis ang abo mula sa mga sasakyan at mga laruang nasa labas.



Sa loob ng bahay, gumamit ng vacuum na may HEPA filter o katulad nito na pang-industriya na may mga disposable na pangkolekta at pansalang bag.



Idirekta ang tubig na may abo sa mga bukanang lugar at palayo sa mga daluyan ng tubig-bagyo. Huwag gumamit ng leaf blower o panghihip ng dahon!



Alisan ng abo ang mga alagang hayop.

Mag-ingat kapag naglilinis ng abo mula sa wildfire. Karaniwang mas malaki ang partikula ng abo kaysa sa partikula ng usok, pero puwede pa rin itong makasama sa kalusugan. Ang mga taong may sakit sa puso o baga, nakatatanda, nakababata, at mga babaeng buntis ay lalong dapat mag-ingat kapag may abo.